REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BLG. 90-132

KAPASIYAHAN NA IPINAHAHAYAG ANG PAGBIBIGAY NG KAUKULANG PAHINTULOT AT KAPANGYARIHAN SA PUNONG BAYAN NA MAGSAGAWA NG LAHAT NA KINAKAILANGANG HAKBANG TUNGO SA IKALULUTAS NG USAPIN HINGGIL SA PAGKAKAUTANG NG MERALCO (Real Property Tax Deficiency Assessment) SA PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA.

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ay may kapangyarihan na magpataw ng kaukulang buwis (real property tax) sa anumang pag-aari na matatagpuan sa lugar na nasasakop nito ayon o alinsunod sa "Real Property Tax Code";

SAPAGKAT, nang mga taong 1976 hanggang 1978, ang Meralco ay mayroong inilagay at pinanatiling mga kagamitan o kasangkapan (machineries and equipments) sa gusali at planta nito sa Sucat, Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila;

SAPAGKAT, napag-alaman na ang kaukulang buwis ng mga kagamitan at kasangkapang nabanggit ay hindi pa nababayaran ng Meralco sa pamahalaang bayan hanggang sa kasalukuyan;

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ay may mahigpit na pangangailangan na masingil ang pagkakautang na ito ng Meralco upang magamit ang salapi sa pagpapatupad ng batas R.A. 6758 (Restructuring the Salary Level of Government Employees);

NGAYON, DAHIL DITO, pinagpasiyahan ng buong pagkakaisa ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila, na bigyan ang Punong Bayan ng kaukulang kapangyarihan o pahintulot na gumawa ng lahat ng kaukulang hakbang na naaayon sa batas at iba pang paraan na karapat-dapat upang madaliang malutas ang naturang usapin hinggil sa pagkakautang ng Meralco sa Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa.

PINAGTIBAY NG NAKARARAMING KASAPI ng Sangguniang Bayan sa kanilang Pangsiyamnapu't isang (91st) pangkaraniwang pulong na ginanap nuong ika- 29 ng Enero 1990.

Kgg. Ignacio R. Bunye

Pinatotohanan:

G. Raul R. Corro
Kalihim Bayan

received
epdyinno 2/7/90

Pinagtibay: Enero 29, 1990